

DepEd ADVISORY No. 599, s. 2011
In compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
December 2, 2011

PANDAIGDIGAN KUMPERENSIYA AT WORKSYAP SA FILIPINO

Ang Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino (PSLLF) ay magdaraos ng **Pandaigdigang Kumperensiya at Worksyap sa Filipino** na may temang “*Ang Filipino Bilang Wikang Global: Iba’t Ibang Isyu at Hamon sa Siglo 21*” na gaganapin sa CSB International Conference Center, Estrada Street, corner Arellano, Malate, Maynila sa Agosto 3-5, 2012.

Ang layunin ng gawaing ito ay ang mga sumusunod:

1. tipunin ang iba’t ibang edukador, institusyon at taong tuwiran at di tuwirang tumutulong sa pag-aangat ng istatus ng Filipino bilang wikang global;
2. makapagtalakayan tungkol sa mga pandaigdigang kalakaran sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika;
3. matuklasan ang mga bagong pananaliksik sa ibang kaugnay na larangan gaya ng literatura, kasaysayan, sosyolohiya, pilosopiya, media at araling kultural;
4. malaman ang mga bagong tunguhin ng Filipino bilang wika sa pamahalaan, edukasyon at iba pang larangan sa Pilipinas;
5. mabigyan ng di tuwirang imersiyon sa araling Filipino ang mga Pilipino-Amerikano na isinilang at/o lumaki sa Estados Unidos upang makatulong sa paghahanap nila ng sariling identidad; at
6. makabuo ng pandaigdigang *network* para sa pagtuturo ng wikang Filipino.

Ang mga inaasahang dadalo sa seminar ay ang mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga piling guro sa elementarya at sekundarya sa bawat paaralan.

Ang bayad sa rehistrasyon ay Pitong Libong Piso (PhP7,000.00) para sa gastusin sa tanghalian (3), meryenda (6), lugar na pagdarausan, seminar kit, onorarium ng mga tagapanayam, at iba pang kaugnay na gastos. Lahat ng magpaparehistro at magbabayad hanggang Abril 30, 2012 ay may diskwentong sampung porsyento (10%).

Para sa reserbasyon at sa mga gustong tumigil sa *hotel/dormitoryo*, makipag-ugnayan sa mga sumusunod:

Prof. Emma O. Sison DLSU-College of St. Benilde, Taft Ave., Manila Tel. No.: (02) 881-2573 Mobile Phone No.: 0917-8961993	Dr. Teresa F. Fortunato DLSU-Manila, Taft Ave., Manila Tel. No.: (02) 524-4611 local 552 Mobile Phone No.: 0916-3782823
Dr. Aurora E. Batnag E-mail Address: au@batnag.org Tel. No.: (02) 921-0193 Mobile Phone No.: 0919-2877816	Prof. Santiago Flora, Jr. Quezon City Polytechnic University Tel. No.: (02) 514-3520 Mobile Phone No.: 0922-8162676 E-mail Address: tiagz@yahoo.com